DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.211

# Morpo-sintaktika at Pangnilalaman na Pagsusuri sa Sarsuwelang "Walang Sugat" ni Severino Reyes

**JUDY ANNE B. BALAGOT[1], CATHERINE B. ORCULLO[2]**
[1]University of Bohol – 0186 Dr. Cecilio Putong Street, Cogon Tagbilaran City, Bohol 6300
[2]Bohol Island State University – Carlos, P. Garcia Avenue, Tagbilaran City, 6300 Bohol

***Corresponding Author: judyannebalagot05@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: April 29, 2024
Revised: June 3, 2024
Accepted: July 26, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Morpo-sintaktikang Pagsusuri, Pangnilalaman na Pagsusuri, Sarsuwela, Walang Sugat

Ang wikang Filipino ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino at kumakatawan sa kultura, tradisyon, at kasaysayan ng bansa. Bilang pagpapahalaga sa wika, mahalagang magkaroon ng mga gawaing nagtataguyod sa paggamit nito. Ang pag-aaral ng mga akda ni Severino Reyes, tulad ng "Walang Sugat," ay mahalaga dahil sa makasaysayang kontribusyon nito sa panitikan at teatro ng Pilipinas. Ang wika at panitikan ay magkaugnay sapagkat ginagamit ang wika sa paglikha ng panitikan, habang ang panitikan ay nagiging daluyan ng kultura at tradisyon gamit ang wika bilang midyum. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang morpolohiya, sintaktika at pangnilalaman na aspeto ng "Walang Sugat." Sinuri ang karaniwang kayarian ng salita, pagbabagong morpoponemiko, at aspekto ng pandiwa pati na rin ang ayos, kayarian, at uri ng pangungusap ayon sa tungkulin. Natuklasan sa pagsusuri sa morpolohiya na madalas gamitin ang maylapi, reduplikasyon, at kontemplatibo habang sa sintaksis naman ay di-karaniwan, payak, at paturol ang pangungusap. Nangingibabaw sa akda ang temang pagmamahal sa bayan at sakripisyo, pagpapahalaga sa moralidad, kulturang Pilipino, at katotohanang panlipunan.

© J.A.B. Balagot and C. B. Orcullo (2024). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Ang mga natuklasan ay may implikasyong nagtataguyod ng mas malalim na kasanayan sa wika at panitikan, na maaaring maging gabay sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo para sa epektibong pag-aaral ng Filipino.

## INTRODUKSYON

Ang wika ay instrumento ng pag-iisip. Sa pamamagitan ng wika ay umuunlad ang kaisipan. Sa pag-unlad naman ng kaisipan ay umuunlad ang wika (Constantino, 2017). Ibig sabihin nito ay kailangang bigyan ng pagpapahalag ang wika sa kadahilanang ito ay mahalaga sa pagpapayabong ng pag-iisip. Kaya nararapat ang pagpapatatag ng pondasyon sa lubusang pagkatuto at paggamit ng wika sa pamamagitan ng pag-alam at pag-unawa sa pagkakabuo at istruktura ng nito.

Ang wikang Filipino ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino at sa gayon ay kumakatawan sa lahat ng kultura at tradisyon, saklaw maging ang sa kasaysayan. Bilang pagtataguyod sa ating sariling wika at pagpapakita ng pagpapahalaga dito, nararapat na madagdagan ang mga gawaing magbibigay ng pagkakataong magamit nang mahusay ang wikang ito.

Ang sarsuwela ay isang komedya o melodramang may kasamang awit at tugtog na nahihingil sa mga punong damdamin ng tao tulad ng pag-ibig, kapootan, paghihiganti, kasakiman, kalupitan, at iba pa o kaya naman ay tungkol sa suliraning panlipunan o pampolitika (Baisa-Julian et al., 2017). Upang gawing simple, ang sarsuwela ay isang uri ng dula na naglalarawan ng masisidhing damdamin na tumatalakay sa mga isyu ng lipunan.

Ang sarsuwela sa mga unang dekada ng ika-dalawampung siglo ay naglalarawan ng mga kwentong nagtataguyod ng sekularisasyon at kamalayan tungo sa pagbabago ng lokal na sining ng tanghalan. Isa sa bunga ng paghahalo-halo ng kultura ng sarsuwela, ang musikong drama ito ang naging popular na libangan sa Tagalog (Miranda, 2020). Nangangahulugan lamang ito na malaki ang naging papel ng mga dula at sarsuwela sa kasaysayan, maging ng ating wika. Sa pamamagitan nito ay hindi lamang nila natamo ang layuning makabansa ngunit kasabay nito ay naging makulay rin ang wika at panitikan ng isang bansa. Ang akdang "Walang Sugat" ang ikalawang dulang isinulat ni Severino Reyes at ang akdang nagpatanyag sa kanya. Sa kasalukuyang kurikulum ay makikita sa baitang walo (8) ang pagtuturo at pag-aaral sa sarsuwelang Walang Sugat.

Si Severino Reyes ay nagtapos ng Bachelor of Philosophy and Letters sa Unibersidad ng Santo Tomas. Kilala siya bilang Ama ng Sarsuwelang Tagalog. Sa kanyang pagsusulat ng mga kuwentong pambata, ginamit niya ang sagisag na Lola Basyang.

Ang pag-aaral ng mga akda ni Severino Reyes gaya ng "Walang Sugat" ay napakahalaga dahil sa makasaysayang kontribusyon sa panitikan at teatro ng Pilipinas. Ang dula ni Reyes ay hindi lamang naglalarawan ng konteksto sosyo-politikal ng Himagsikang Pilipino kundi nagtatalakay din ng mga

matagalang tema tulad ng pag-ibig, sakripisyo, at pagtibay ng loob, na patuloy na umaantig sa mga manonood sa iba't ibang henerasyon. Ang pag-aaral nito ay nagpapalalim sa pag-uusap tungkol sa pagkakakilanlan ng Pilipino at sa kultura ng bansa.

Mahalaga na pagsamahin ng guro ang wika at panitikan sa pagtuturo dahil nga hindi maaaring magkahiwalay ang wika at panitikan (Vallecera, 2019). Kung ang pahayag na ito ang pagbabasehan, masasabi na ang wika at panitikan ay magkaugnay sapagkat ang wika ang instrumento na ginagamit sa paglikha ng isang panitikan. Ang panitikan naman sa kabilang banda ay nagpapahayag ng kultura at tradisyon na gamit ang wika bilang medyum. Sa madaling sabi, upang matuto at magtamo ng kasanayan ang tao sa wika ay dapat ituro ito kasabay ng pagtuturo ng panitikan.

Sa pag-aaral na pagsusuring morpo-sintaktika at nilalaman ng Sarsuwelang ‚Walang Sugat' ni Severino Reyes, ang morpolohiya ay ginagamit upang suriin ang istruktura at pagbuo ng mga salita sa teksto, tinitingnan kung paano ito nakakatulong sa kahulugan at gramatikal na gampanin. Sa kabilang banda, ang sintaks ay ginagamit upang siyasatin ang pagkakasunud-sunod at organisasyon ng mga salitang ito sa mga parirala, sugnay, at pangungusap, na nagbibigay liwanag sa kabuuang gramatikal na istruktura ng dula (sarsuwela). Sa pag-aaral ding ito susuriin ang nilalaman ng akdang "Walang Sugat" base sa iba't ibang elemento nito.

Bunsod ng pagbabago ng panahon, mapapansin ang pagkakaroon ng pagsasantabi at pagsasawalang-bahala ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, lalo na sa istruktura nito. Nagkakaroon na ng kalituhan at kakulangan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa wika lalo na morpolohiya at sintaks. Kasabay rin nito ang pagkahumaling sa mga akda at gawang-banyaga at tuluyang kalimutan ang mga gawa sa sariling bayan.

Ang mga mag-aaral sa Pilipinas ay kabilang sa may pinakamahihinang kakayahan sa malikhaing pag-iisip sa buong mundo, batay sa isang bagong inilunsad na pandaigdigang benchmarking test. Ang mga labing-limang taong gulang na mag-aaral sa Pilipinas ay nakakuha ng average na 14 puntos sa bagong ipinakilalang pagsusuri sa malikhaing pag-iisip sa 2022 cycle ng Programme for International Student Assessment (PISA), na naglagay sa Pilipinas sa huling apat na puwesto sa 64 na bansa (Chi, 2024).

Makikita rin sa pag-aaral ni Saavedra (2020) na may limang salik na itinuturing ng mga guro ng wika na nakaapekto sa mahinang kasanayan sa pagsulat ng Ingles at Filipino ng mga mag-aaral sa elementarya. Batay sa kanilang mga karanasan at obserbasyon habang nagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral, ang mga sumusunod ay naitala: 1) kakulangan sa bokabularyo sa target na wika; 2) kahirapan sa pagpapahayag at pag-aayos ng mga ideya; 3) pananaw ng mga mag-aaral na mahirap na gawain ang pagsulat; 4) kawalan ng motibasyon at interes sa pagsulat; at 5) kahirapan sa pagbaybay, gramatika, at konstruksyon ng pangungusap ang mga dahilan kung bakit maraming mag-aaral sa elementarya ay may mahinang kasanayan sa pagsulat sa Ingles

at Filipino.

Ang sumusunod na mga teorya ang nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa, pagsusuri at interpretasyon sa pag-aaral. Binasa at pinagtibay ang lahat ng kaisipan na inilatag sa pag-aaral na ito.

Ayon sa Nativist Theory ni Noam Chomsky (1957), ang natibismo ay nagpapahiwatig na ang wika ay isang likas na kakayahan, ibig sabihin nito ay pinanganak na may mga tuntuning tungkol sa wika ang mga tao na tinatawag na UG (Universal Grammar). Ang UG ang batayan kung paano binubuo ang lahat ng wika ng tao. Samakatuwid, ito'y nagpapahiwatig na anuman ang wika na natutunan ay mayroong likas na kakayahan ang tao na unawain at gamitin ang wika dahil sa likas na unibersal na gramatika na ito. Ang "universal grammar" ay nagmumungkahi na lahat ng wika ay may magkakaparehong batas o alituntun. Ang paraang ito ay tumutulong sa pag-unlad ng mas malalim na kaalaman sa kung paano gumagana ang wika sa loob ng kontekstong pangkultura at pangkasaysayan na ipinakikita sa akda ni Severino Reyes.

Sa kabilang dako, ang Relational Frame Theory ni Hayes (2001) ay nagsasabing ang teoryang ito ay nagbibigay ng lubusang paglalarawan ng pagsilang at pag-unlad ng kahusayan at komplikasyon ng wika sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri at pag-aaral. Ang pagsusuri ng dula mula sa perspektibang RFT ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa kung paano ginagamit ang wika upang ipahayag ang mga komplikadong ideya at kunin ang partikular na reaksyon sa loob ng konteksto ng kuwento.

Nakasaad din sa Teoryang Istrukturalismo ni Ferdinand de Saussure (1916) na ang wika ay isang sistema ng mga tanda upang ipahayag ang ideya na maaaring ihambing sa nakasulat na talaan, simbolikong seremonya, paraan, at iba pa. Ang ganitong pagtutok ay nakatuon sa mga patakaran na namamahala sa wika na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-unawa sa sistema bilang isang kabuuan kaysa sa mga indibidwal na bahagi nito. Sa pamamagitan ng ganitong paraan, mas malalim na nauunawaan kung paano hinihugis ng wika ang kahulugan at interpretasyon ng dula.

Sa Theory of Cognitive Development ni Jean Piaget (1976), nakasaad na lalong partikular na interesado ito sa pag-unlad ng mga kognitibong kakayahan, hindi ito maiintindihan nang lubusan kung hindi magsisimula sa pagsusuri nang detalyadong mga biyolohikal na saligang pinagmumulan nito at ang mga epistemolohikal na bunga sa dulo. Sa pag-aaral ng mga linggwistikong istruktura at kognitibong proseso sa loob ng dula, nabibigay ng teorya ni Piaget ang malinaw na pananaw sa kung paano ang kasanayan sa pag-iisip ng mga tauhan ay umuunlad sa buong kuwento.

Sa Socio-cultural Theory ni Lev Vygotsky (1978), ipinahayag na sa katalinuhan, pinalawak ni Vygotsky ang konsepto ng pamamagitan sa interaksyon ng tao at kapaligiran tungo sa paggamit ng mga tanda pati na rin sa mga kasangkapan. Tulad ng mga sistemang pangkasangkapan, ang mga sistemang tanda (wika, pagsusulat, sistema ng bilang) ay nililikha ng lipunan

sa kasaysayan ng tao at nagbabago ayon sa anyo ng lipunan at antas ng kultura. Sa pag-aaral ng mga linggwistikong istruktura at sosyo-kultural na konteksto sa loob ng dula, maaaring mas maunawaan kung paanong ang mga tauhan ay nabubuo at naaapektuhan ng kanilang wika at kaisipan base sa kanilang kapaligiran at pakikisalamuha.

Mapapansin na sa mga umiiral na pag-aaral ay makikita ang kakulangan sa pagbibigay-pansin ng mga linggwistikong bahagi ng mga dula, bagkus ang mga ito ay mas naka-pokus sa tema at konteksto nito sa kasaysayan. Bukod dito ay makikita ang malaking kaibahan ng istruktura ng wika noon kung ihahambing sa kasalukuyan na nagbubunsod ng pagbabago at pag-iiba ng paggamit ng wika sa kasalukuyan kung ihahambing sa nakaraan. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng istruktura ng wika at nilalaman sa pagsusuri ng dula (sarsuwela), mas maiintindihan natin ang estilo sa pagsusulat ni Severino Reyes at iba pang makatang Pilipino; at ang mga impluwensyang kultural nito. Ang pagsusuring ito ay nagpakita kung paano nag-uugnayan at nagkakaroon ng interaksyon ang mga tauhan sa akda. Sa kabuuan, ang pagsusuri sa mga aspeto at istruktura ng wika ng „Walang Sugat" ay nagpahalaga ng hindi lamang ang antas ng pag-unawa sa panitikang Pilipino at panulaan, ngunit pati na rin ang pagpapahalaga sa wika.

Sa mga kadahilanang nabanggit, naudyok ang mananaliksik na gawin ang mahaba at mabusising proseso ng pagsusuri ng istruktura ng wika at nilalaman ng panitikang "Walang Sugat". Layunin ng pag-aaral na ito na isulong ang malinaw na pagtalakay sa istruktura ng wika upang mas maintindihan ito ng sinumang mag-aaral ng wika at kasabay rin ng pagtataguyod sa mga panitikang Pilipino na makikita sa pagsusuri ng mga akdang tumatak sa kasaysayan ng panitikang Pilipino. Layunin din ng pag-aaral na ito na makapagbigay ng mga mungkahing gawain upang maging kasiya-siya ang pagtuturo at pag-aaral ng istruktura ng wika gaya ng morpolohiya at sintaks.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong metodo at kontent analisis bilang pamamaraan upang masuri ang sarsuwelang „Walang Sugat" na isinulat ni Severino Reyes. Ang dula ang nagsilbing batayan para sa masusing pagsusuri ng mga datos ng pananaliksik. Sa pagsusuri, binigyang-halaga ang interpretasyon ng karaniwang ginagamit na mga istrukturang pangmorpolohiya at pansintaksis, pati na rin ang nilalaman ng dula.

Kung pagbabatayan ang istruktura ng wika, tanyag ang „Walang Sugat" dahil sa maayos at malikhaing paggamit ng wikang Pilipino na sumasalamin sa kayamanan nito. Bukod dito, mahusay nitong naipapakita ang wika ng pangkaraniwang tao noong panahon ng pananakop, na nagbibigay-representasyon sa kultura at karanasan ng mga Pilipino. Dahil dito, madali itong nauunawaan at minamahal ng mga mambabasa at manonood. Sa kasalukuyang kurikulum, itinuturo at pinag-aaralan ang sarsuwelang „Walang

Sugat“ sa baitang walo (8).

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pananaliksik na ito ay isang pagsusuri sa sarsuwelang “Walang Sugat” ni Severino Reyes sa istrukturang morpolohiya, sintaks at pangnilalaman. Sa istrukturang pangmorpolohikal na kayarian ng salita, ang kadalasang ginagamit sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay maylapi; sa pagbabagong morpoponemiko ay reduplikasyon; at sa aspekto ng pandiwa ay kontemplatibo. Sa istrukturang pansintaksis na ayos ng pangungusap, ang kadalasang ginagamit sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay di-karaniwan; sa kayarian ng pangungusap ay payak; at sa pangungusap ayon sa tungkulin ay paturol.

Ang mga nangingibabaw na kaisipan sa akda batay sa tema ay paghihimagsik at pagmamahal sa bayan, pag-ibig sa gitna ng sakripisyo, at paninindigan; batay sa pagpapahalagang moral ay ang sariling pagpapahalaga (self-worth/self-esteem), kabutihan o kagandahang-loob (goodness), pagkakaroon ng lakas ng loob (courage), pagtitiwala (trust), at pagmamalasakit sa iba (concern for others); batay sa kulturang Pilipino ay ang pagmamahal sa bayan, paggalang sa magulang at nakatatanda, malalim na pananampalataya sa Diyos, kahalagahan ng pamilya, bayanihan, at pagpapahalaga sa karangalan at katarungan; at batay sa katotohanang panlipunan ay ang pang-aapi at diskriminasyon, kahirapan at kawalang-kapangyarihan, pag-abuso sa kapangyarihan at korapsyon, pakikibaka para sa kalayaan at katarungan, pagpapahalaga sa pamilya at pagkakaisa sa gitna ng krisis.

### Istrukturang Pangmorpolohikal na Bumubuo sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes

**Kayarian ng Salita.** Sinusuri sa bawat yugto at tagpo ang mga pandiwang ginamit ng may-akda batay sa kayarian ng salita nito. Ang mga kayarian ng salita ay payak, maylapi, inuulit at tambalan. Makikita sa pagsusuring ng mga pandiwa ang kayarian ng salita na kadalasang ginagamit sa bawat yugto ng sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes.

Ayon kay Patilan at Largo (2021) sa pag-aaral na pinamagatang “Leksikon ng Ninorte-Samarnon” ang kayarian naman ay tumutukoy sa kayarian ng mga salitang sinuri kung ito ay payak na binubuo ng salitang-ugat lamang, maylapi kapag binubuo ng salitang-ugat at ng isa o higit pang panlapi, inuulit kapag may pag-uulit na nangyayari sa salita na maaaring ganap kung saan ang buong bahagi ng salitang-ugat ang inuulit o di-ganap o parsyal na pag-uulit kapag bahagi lamang ng salitang-ugat ang inuulit; o tambalang salita na maaaring ganap na tambalan kung pinagsama ang dalawang salita at nagkaroon ng panibagong kahulugan o tambalang di-ganap kapag nanatili ang kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal o pinag-ugnay.

**Pagbabagong Morpoponemiko.** Ang sarsuwelang Walang Sugat

ni Severino Reyes ay binubuo ng tatlong yugto at bawat tagpo sa bawat yugto ay susuriin. Sa pagsusuring pangmorpolohikal ay binigyang-tuon ang mga pandiwang ginamit at susuriin base sa mga uri ng pagbabagong morpoponemiko: ang asimilasyon, pagpalit ng ponema, metatesis o paglilipat, pagdaragdag, pagkakaltas ng ponema, paglilipat-diin at reduplikasyon. Titingnan kung ano ang pagbabagong morpoponemiko ang kadalasang ginagamit sa bawat tagpo sa bawat yugto ng sarsuwelang Walang Sugat.

Mula naman kay Taleon (2019) sa artikulong, A Phonological Sketch of Tuwali Ifugao, nagsasabing ang pagpapatong at pagpapaulit sa mga panlapi at mga salitang-ugat sa Tuwali ay mahalaga at inirerekomenda upang makagawa ng komprehensibong morpolohikal at kahit na sintaktikong pagsusuri ng wika. Ang pahayag na ito ay nagpapatibay sa kahalagahan ng pag-unawa sa geminasyon at reduplikasyon sa mga affix at ugat ng Tuwali upang maisagawa nang kumpleto ang morpolohikal at maging sintaktikal na pagsusuri ng wika. Sa pag-aaral ng morpo-sintaktik na aspeto ng dula ni Severino Reyes na „Walang Sugat,“ ang pagkilala sa mga ito na mga linguistic phenomena ay maaaring magbigay ng mga ideya sa istruktura at pagbuo ng mga salita at pangungusap na nagpapayaman sa pagsusuri ng linggwistika na tampok sa akda.

**Aspekto ng Pandiwa.** Ang sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay binubuo ng tatlong yugto at sa bawat tagpo ng bawat yugto ay kukunin ang mga pandiwa at susuriin. Sa pagsusuring pangmorpolohikal ay binigyang-tuon ang askpekto ng pandiwang ginagamit: perpektibo (ginawa na), imperpektibo (ginagawa pa), at kontemplatibo (gagawin pa). Titingnan kung ano ang aspekto ng pandiwa ang kadalasang ginagamit sa bawat tagpo sa bawat yugto ng sarsuwelang Walang Sugat.

Sa morpolohikal na pagsusuri, nangingibabaw ang paggamit ng mga salitang maylapi na nagpapakita ng malikhain at masining na paraan ng pagpapalawak ng talasalitaan. Ang reduplikasyon bilang morpoponemikong pagbabago ay nagbibigay-diin sa emosyonal na bigat at ritmo ng diyalogo, habang ang kontemplatibong aspekto ng pandiwa ay nagpapakita ng malalim na pagpapahalaga sa mga pangyayaring magaganap pa lamang na sumasalamin sa damdamin ng pag-asa at pananabik ng mga tauhan. Batay sa kinalabasan ng pagsusuri sa istrukturang morpolohikal, ang kadalasang kayarian ng salitang ginamit ay maylapi, kung saan makikita sa kasalukuyan na kahinaan ng mga mag-aaral ang pagbuo ng salita mula sa salitang-ugat kung ito ay dinurugtungan na ng panlapi; sa pagbabagong morpoponemiko naman ay kadalasang ginamit ay reduplikasyon kung saan nalilito rin ang mga mag-aaral sa paggamit ng pag-uulit ng pantig ng salitang-ugat na nagpapabago ng kahulugan ng salita; sa aspekto ng pandiwa ay kontemplatibo ang kadalasang ginamit kung saan makikita rin na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga ideya na naglalahad ng kilos sa hinaharap sapagkat hindi sila makabuo ng mga pandiwang nasa ganitong aspekto.

## Istrukturang Pansintaksis na Bumubuo sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes

**Ayos ng Pangungusap.** Ang dalawang ayos ng pangungusap ay karaniwang ayos at di-karaniwang ayos. Sa pagsusuring pansintaksis sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay bibigyang-puna ang mga pangungusap ayon sa ayos nito at upang makita ang ayos ng pangungusap na kadalasang ginagamit.

Mababasa sa pag-aaral ni Mendoza-Baquing (2023) na "Isang Pagsasalin at Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento" na ginawa sa pamamagitan ng pagsasalin at pagsusuri sa labinlimang (15) maikling kuwentong hinango sa Philippine Literature, ayon dito sa pag-aaral ng wika, makatutulong ang mga babasahing ito sa mga mag-aaral upang lubusang lumawig ang kanilang mga kaalaman at kahusayan sa balarila, semantika at sintaks na naipakita sa ginawang pagsasalin.

Maliwanag na nakasaad sa pag-aaral na ito ni Mendoza-Baquing na binigyang-diin ang kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang akdang pampanitikan sa pagsasakatuparan ng pagpapalawig sa kakayahang pangwika. Makikita sa morpo-sintaktik analisis ng sarsuwelang Walang Sugat na tinututukan ang pagsusuri ng istrukturang pansintaks gaya ng ayos ng pangungusap, kayarian ng pangungusap at pangungusap ayon sa tungkulin.

**Kayarian ng Pangungusap.** Ang apat na uri ng kayarian ng pangungusap ay payak, tambalan, hugnayan at langkapan. Sa pagsusuring pansintaksis ay binibigyang-tuon ang mga pangungusap na nakapaloob sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes sa bawat bahagi at tagpo nito. Ang mga pangungusap na ito ay sinuri batay sa kayarian ng pangungusap na kadalasang ginagamit.

Tinukoy naman ni Abueg sa pag-aaral ni Hicana (2017) na "Pasalitang Diskurso ng Tagalog Varayti sa Taguig Spoken Discourse Tagalog Variety in Taguig" na inilathala sa Malay ng De La Salle University na ginamitan ng deskriptibong pamaraan at mga di-Tagalog na matagal nang naninirahan sa lungsod ng Taguig ang naging mga kalahok sa pag-aaral na ito, ayon dito na ang pasalitang wika ang karaniwang batayan ng pagsusuri ng pagbabago ng wika. Kaya naman kinakailangang pag-aralan ang mga pagbabagong nagaganap sa pagbigkas, kayarian ng pangungusap, ginagamit na leksikon, at iba pang aspekto ng wikang hindi nasasalamin sa pasulat na wikang pinag-aralan.

**Pangungusap Ayon sa Tungkulin.** Mayroong apat na pangungusap ayon sa tungkulin nito: ang paturol, pautos, patanong at padamdam. Sa pagsusuring pansintaksis ay binibigyang-tuon ang mga pangungusap ayon sa tungkulin na nakapaloob sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes sa bawat bahagi at bawat tagpo. Ang mga pangungusap na ito ay sinuri batay at ayon sa tungkulin nito na kadalasang ginagamit.

Sa sintaktikal na pagsusuri, ang di-karaniwang ayos ng pangungusap ay nagbibigay-pokus sa mga mahalagang pahayag, na nagdudulot ng masining

at dramatikong epekto sa pagpapahayag. Ang payak na kayarian ng mga pangungusap ay nagbibigay ng direkta at malinaw na pag-unawa sa damdamin at sitwasyon ng mga tauhan, habang ang paturol na anyo ay nagpapakita ng katotohanang panlipunan na nais iparating ng akda. Sa pagsusuri ng istrukturang pansintaksis, sa ayos ng pangungusap lumitaw ang di-karaniwang ayos na hirap na mabuo ng mga mag-aaral ang pangungusap na nauuna ang simuno kaysa sa panag-uri; sa kayarian ng pangungusap ay payak na may isang buong diwa lamang ngunit makikitang mahirap pa ring gawin ng mga mag-aaral; at sa pangungusap ayon sa tungkulin na paturol ang kadalasang nagamit na nagsasalaysay o nagkukuwento lamang ngunit sa kasimplehan nito ay hindi pa magawa ng ilang mag-aaral.

**Nangingibabaw na Kaisipan sa akdang Walang Sugat ni Severino Reyes batay sa sumusunod na elemento:**

**Tema.** Ang tema ng sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay ang mga sumusunod: (1) paghihimagsik at pagmamahal sa bayan kung saan makikita sa akda na ang kwento ay naganap sa panahon ng rebolusyon laban sa malupit na pamamahala at kolonyalismo ng mga Espanyol at pagpapakita ng mga tauhan ng kagustuhan bilang Pilipino na makamit ang kalayaan; (2) pag-ibig sa gitna ng sakripisyo kung saan ipinapakita sa akda ang dalisay na pagmamahal na hinamon ng digmaan, pagtataksil, at sakripisyo; at (3) paninindigan kung saan makikita na ang tauhan sa akda ay nanindigan sa kanyang paniniwala at ginawa ang lahat ng makakayang paraan upang makamit ang kanyang mithiin.

Ang akdang Walang Sugat ay isang dula na sumasalamin sa makabayang diwa ng mga Pilipino at ang kanilang pagmamahal sa kalayaan, habang itinatampok din ang malalim na damdamin ng pag-ibig at sakripisyo sa gitna ng kaguluhan.

**Pagpapahalagang Moral.** Ayon sa DECS Values Education Program na "The Dimension of Human Person or Personality", mayroong walong basehan ng pagpapahalagang moral: ang sariling pagpapahalaga (self-worth/self-esteem); kabutihan o kagandahang-loob (goodness); pagmamahal sa integridad o katapatan (honesty/integrity); personal; pagkakaroon ng lakas ng loob (courage); pagtitiwala (trust); pagmamalasakit sa iba (concern for others); at ang pagkakaroon ng simpatya (compassion).

Ang Walang Sugat ni Severino Reyes ay kakikitaan ng sariling pagpapahalaga (self-worth/self-esteem) sapagkat sa akda makikita ang pagkakaroon ng mabuti at positibong pansariling kaisipan ng pangunahing tauhan na si Tenyong tungo sa paghahayag niya ng kanyang pag-ibig kay Julia. Makikita rin sa akda ang kabutihan o kagandahang-loob (goodness) kung saan ipinapakita ni Julia ang kanyang kabutihan sa pamamagitan ng pag-aalala niya palagi sa kapakanan ni Tenyong. Ipinapakita rin sa akda ang pagkakaroon ng lakas ng loob (courage) dahil makikita dito kung paanong ang mga Pilipino ay nakikipagsapalaran upang makamit ang kalayaan sa panahon

ng pananakop ng mga Espanyol. Masasalamin din sa akda ang pagtitiwala (trust) kung saan makikita ang lubos na pagtitiwala ni Julia sa pangakong binitawan ni Tenyong na siya ay babalik upang sila'y muling magkasama. At sa huli, sa akdang Walang Sugat ay makikita rin ang pagmamalasakit sa iba (concern for others) sa bahagi kung saan nakibaka si Tenyong sa himagsikan laban sa mga Espanyol upang ipagtanggol ang mga taong naging biktima ng maling pamamahala ng mga dayuhan.

Sa kabuuan, ang sarsuwelang Walang Sugat ay nagbibigay ng mahahalagang aral tungkol sa pagpapahalaga sa sarili at sa kapwa, kabutihan, katapatan, at pagtitiwala. Ang mga pagpapahalagang moral na ito ay nagbibigay-inspirasyon upang mamuhay nang may paninindigan at pagmamalasakit sa kapwa.

**Kulturang Pilipino.** Narito ang mga kulturang Pilipino na makikita sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes:

Ang pagmamahal sa bayan ay isa sa mga pangunahing kulturang Pilipino sa dula ay ang malalim na pagmamahal sa bayan. Ang sakripisyo ni Tenyong upang sumali sa rebolusyon ay nagpapakita ng kahandaang ipaglaban ang kalayaan kahit na may personal na kapalit. Ang pagiging makabayan ay isang mahalagang kaugalian ng mga Pilipino, lalo na noong panahon ng kolonyalismo.

Ang paggalang sa magulang at nakatatanda ay mahalaga sa mga Pilipino. Makikita ito sa pagsunod ni Julia sa kagustuhan ng kanyang ina na magpakasal kay Miguel kahit hindi niya ito mahal. Ang pagpapahalaga sa opinyon ng magulang ay tanda ng respeto.

Ang malalim na pananampalataya sa Diyos at ang relihiyon ay mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino, at ito ay makikita sa akda sa pamamagitan ng mga dasal at ritwal, tulad ng kasal. Sa gitna ng mga pagsubok, ang pananampalataya sa Diyos ang nagiging sandigan ng mga tauhan.

Ang kahalagahan ng pamilya ay makikita sad ula kunga saan ang pamilya ang sentro sa pagdedesisyon at aksyon ng mga tauhan. Ang ugnayan nina Julia at ng kanyang ina ay nagpapakita ng tradisyonal na pagpapahalaga sa pamilya, kahit na ito ay taliwas sa kanyang kagustuhan.

Ang bayanihan o pagtutulungan para sa ikabubuti ng lahat ay makikita sa sama-samang pakikibaka laban sa mga Espanyol. Ang diwa ng pagkakaisa ay mahalaga sa kulturang Pilipino, lalo na sa panahon ng rebolusyon.

Sa dula ipinakita ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa karangalan at katarungan. Ang pagtutol ni Tenyong sa kawalang-katarungan ng pananakop ay nagpapakita ng tapang at paninindigan para sa tama.

**Katotohanang Panlipunan.** Ang mga katotohanang panlipunan na masasalamin sa sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay nananatiling mahalaga at nauugnay sa kasalukuyang panahon. Makikita ito sa sumusunod na sitwasyon:

1. Pang-aapi at Diskriminasyon- Tulad ng kolonyal na pananakop noong panahon ng Espanyol, makikita pa rin sa kasalukuyan ang mga anyo ng pang-aapi, tulad ng diskriminasyon sa lahi, kasarian, at estado

sa buhay. Ang laban para sa pantay na karapatan ay nagpapatuloy, lalo na sa mga marginalized na sektor ng lipunan.

2. Kahirapan at Kawalang-Kapangyarihan- Ang malawak na agwat sa pagitan ng mahihirap at mayayaman ay nananatiling malaking isyu sa kasalukuyang lipunan. Marami pa rin ang nahihirapan ang pagkamit ng edukasyon, serbisyong medikal, at sapat na kabuhayan na nagiging sanhi ng kawalang-kapangyarihan ng karaniwang tao.
3. Pag-abuso sa Kapangyarihan at Korapsyon- Ang korapsyon sa pamahalaan at pribadong sektor ay laganap pa rin hanggang ngayon. Tulad ng ipinakita sa Walang Sugat, ang mga nasa kapangyarihan ay madalas na nagmamanipula para sa kanilang sariling interes na nagdudulot ng kawalang-katarungan sa lipunan.
4. Pakikibaka para sa Kalayaan at Katarungan- Ang pakikibaka para sa kalayaan sa akda ay maihahalintulad sa mga kampanya para sa karapatang pantao tulad ng laban para sa kalayaan sa pagpapahayag, gender equality, at social justice. Marami pa rin ang nagsasakripisyo upang ipaglaban ang katarungan at karapatan ng mga naaapi.
5. Pagpapahalaga sa Pamilya- Ang pagkakaroon ng matibay na ugnayan sa pamilya ay nananatiling mahalaga sa mga Pilipino. Gayunpaman, sa kasalukuyan, may mga hamon tulad ng migrasyon at modernong teknolohiya na maaaring magpahina sa tradisyunal na ugnayan ng pamilya.
6. Pagkakaisa sa Gitna ng Krisis- Sa panahon ng pandemya, kalamidad, at iba pang krisis ay naipapakita pa rin ang diwa ng bayanihan. Ang pagtutulungan at pagkakaisa ng mga Pilipino ay nananatiling mahalagang katangian na nakakatulong upang malampasan ang mga pagsubok.

Sa pagsusuri ng nilalaman ng Walang Sugat ay ipinapakita ang mga temang may kaugnayan sa pagmamahal sa bayan, sakripisyo, at paninindigan, na kalakip ang pagpapahalaga sa moralidad at kulturang Pilipino, tulad ng respeto sa pamilya, pananampalataya, at bayanihan. Ang akda ay nagiging daluyan ng salamin ng lipunan, kung saan binibigyang-linaw ang mga isyung tulad ng diskriminasyon, kawalan ng katarungan, at pakikibaka para sa kalayaan.Ang mga nabanggit na nangingibabaw na kaisipan sa akda ay kadalasan hindi na rin nakikita at hindi na rin isinasabuhay ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon.

Batay sa lahat ng nabanggit na mga natuklasan, ang implikasyon nito sa pagtuturo sa istruktura ng wikang Filipino ay mas magiging makabuluhan at epektibo ang pagtuturo kung mabibigyan ng tuon ang kasanayan sa istruktura ng wika at nilalaman ng akda. Matutugunang ang mga kalituhan at kawalan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa istruktura at nilalaman ng wika.

## KONGKLUSYON

Batay sa ginagwang pagsusuri ng sarsuwelang Walang Sugat ni Severino Reyes ay makikitang nagpapamalas ito ng kahusayan sa paggamit ng istrukturang pangwika na nagiging daan upang maipahayag ang mayamang kaisipan at damdamin ng mga tauhan nito.

Ang pagsusuri sa morpolohikal at sintaktikal na aspeto ng akda ay makatutulong sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa istruktura ng wika. Sa pagsusuri naman ng nilalaman nito ay maipakikita ang kaugnayan ng panitikan sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas. Nagbibigay-daan ito upang maipabatid ang halaga ng kulturang Pilipino na mahalaga sa paghubog ng makabayan at makataong pagkatao ng mga mag-aaral. Ang mga kaisipang ito ay maaaring maging pundasyon sa integrasyon ng pagpapahalagang moral sa pagtuturo ng Filipino. Sa kabuuan, ang resulta ng pag-aaral ay nagsisilbing batayan sa pagbuo ng makabuluhang kagamitang pampagtuturo na naglalayong gawing mas epektibo, kapana-panabik, at makahulugan ang pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral.

## REKOMENDASYON

Mula sa naging resulta at konklusyon ng pagsusuri, ang mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na tagubilin para sa susunod na mga mananaliksik upang mabigyan at mapaglaanan ng pansin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng istrukturang pangmorpolohiya, pansintaksis at pangnilalaman.

1. Ang paghahambing ng Walang Sugat sa iba pang sarsuwela mula sa parehong panahon o iba't ibang panahon ay makatutulong upang mas maunawaan ang ebolusyon ng panitikan at ng anyong sarsuwela sa Pilipinas.
2. Pag-aralan ang morpolohikal na istruktura ng iba pang sarsuwela mula sa iba't ibang panahon upang maipakita ang pagbabago o pagkakapareho ng mga salitang ginagamit at ang epekto nito sa pagpapahayag ng tema at damdamin.
3. Pagsusuri sa sintaktikal na istruktura ng iba pang anyo ng panitikan, tulad ng mga tula, nobela, o maikling kwento. Maaaring pagtuunan ng pansin ang epekto ng karaniwang at di-karaniwang ayos ng pangungusap sa naratibo ng kwento.
4. Magsagawa ng pagsusuri sa mga panitikan mula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas upang maipakita ang kontribusyon ng wikang rehiyonal sa pagpapayaman ng pambansang panitikan.
5. Pag-aaral ng pagbabago sa morpolohiya at sintaktikal na kayarian ng wika sa panitikan mula sa pre-kolonyal hanggang sa modernong panahon.
6. Pagsusuri sa mga nangingibabaw na tema at pagpapahalaga sa iba't ibang genre ng panitikan, tulad ng epiko, dula, o kontemporaryong sanaysay.

7. Magsagawa ng komparatibong pagsusuri sa panitikan ng Pilipinas at panitikan ng ibang bansa upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba sa morpolohikal, sintaktikal, at tematikong aspeto.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Baisa-Julian, A., Del Rosario, M. G., Lontoc, N., & Dayag, A. (2017). Pinagyamang PLuma. PHOENIX PUBLISHING HOUSE, INC.

Chi, C. (2024, June 19). Philippines ranks at the bottom of new PISA test on creative thinking. Philstar.com. https://bit.ly/4cyBE9u

Chomsky, N. (1957). Syntactic structures. Mouton. https://bit.ly/3BqHA7c

Constantino, R. (2017). Intelektuwalismo at wika. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (1). https://tinyurl.com/3ccaj2ra

De Saussure, F. (1961). Course in general linguistics. In Macat Library eBooks. https://bit.ly/3WgKuU6

Hayes, S. (2001). Relational frame theory: A post-Skinnerian account of human language and cognition. New York Press. ISBN 9780306466007.

Hicana, M. F. G. (2017). Pasalitang diskurso ng Tagalog varayti sa Taguig. Malay, 29(2), 1-1. https://bit.ly/4aAtImT

Mendoza-Baquing, J. (2023). Isang pagsasalin at pagsusuri sa mga piling maikling kuwento. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(6), 11-24. https://tinyurl.com/26z5nax8

Miranda, I. K. (2020). Dissonant voices: Tagalog zarzuela and the politics of representation in the Philippines, 1902 to 1942. The University of Wisconsin-Madison. https://bit.ly/4cA3jHN

Patilan, J. C., & Largo, R. C. (2021). Leksikon ng Ninorte-Samarnon. https://bit.ly/3THu44m

Piaget, J. (1976). Piaget's theory. https://bit.ly/3TZdZsj

Saavedra, A. (2020). Factors that contribute to the poor writing skills in Filipino and English of the elementary pupils. International Journal on Innovation, Creativity and Change. https://bit.ly/3RPVNzD

Taleon, K. (2019). Phonological sketch of Tuwali Ifugao. https://bit.ly/3CtJZM0

Vallecera, E. E. (2019). Pagsusuri sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo: Mungkahing gabay ng pagtuturo. ACADEME, 15. https://bit.ly/3TBcrTT

Vygotsky, L. S., & Cole, M. (1978). Mind in society: Development of higher psychological processes. Harvard University Press. https://bit.ly/3xaFJRy